Taong 2027 Application Form Para sa (Pagbabago ng) Pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp. ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo

扶

Pinuno ng opisina ng buwis na nangangasiwa, atbp.	Pangalan ng taong nagbabayad ng suweldo (Pangalan)		(Furigana)		Petsa ng kapanganakan mo	/ /
Pinuno ng opisina ng buwis	Numero ng korporasyon (indibidwal na numero) ng taong nagbabayad ng suweldo	*Kailangang sumulat dito ang taong nagbabayad ng suweldo na tumanggap ng application form na ito.	Pangalan mo		Pangalan ng nangunguna sa sambahayan	
			Indibidwal na numero mo		Kaugnayan sa iyo	
Mayor ng munisipyo	Address ng taong nagbabayad ng suweldo (address)		Address o tinitirahan mo	(Postal code —)	Kung may kabiyak	Mayroon/Wala

Pagsusumite ng application form para sa (pagbabago ng) pagbabawas para sa pangangalaga, atbp." para sa pangalawahing suweldo

Maglagay ng bilog sa ibaba kapag naisumite mo ito.

Kung wala kang mga kamag-anak na ilalagay sa alinman sa mga sumusunod na kahon, at ikaw mismo ay hindi kabilang ng alinman sa mga sumusunod na taong may kapansanan,babaeng balo, nagsosolong magulang o estudyanteng nagtatrabaho, isulat sa mga kahon sa itaas at isumite sa nagbabayad ng iyong suweldo.

Tatanggap ng pagbabawas mula sa pangunahing suweldo

Kategorya, atbp.		(Furigana) Pangalan	Indibidwal na numero: Kaugnayan sa iyo	Indibidwal na numero: Petsa ng kapanganakan	Kamag-anak na matanda na nasa ilalim ng pangangalaga (Ipinanganak noong Enero 1,1958 o bago nito) / Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda・Itinalagang Kamag-anak (Ipinanganak noong Enero 2, 2005 - Enero 1, 2009)	Tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027	kamag-anak na hindi residente(Paalala 1) / katunayan na nasa parehong kabuhayan	Address o tinitirahan	Petsa ng pagbabago at dahilan (Isulat dito kung may pagbabago sa taong 2027 (Pareho sa lahat sa ibaba).)
A Kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas (Paalala 1)				/ /		yen	(Kung angkop, markahan ito ng "○".)		
B Kamag-anak na kuwalipikado sa withholding (16 anyos pataas)(Ipinanganak noong Enero 1, 2012 o bago nito)	1			/ /	□ Matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay □ Iba pa □ Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda □ Itinalagang Kamag-anak	yen	□ 16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas □ Pag-aaral sa ibang bansa □ Taong may kapansanan □ Pagbabayad ng 380,000 yen pataas		
	2			/ /	□ Matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay □ Iba pa □ Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda □ Itinalagang Kamag-anak	yen	□ 16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas □ Pag-aaral sa ibang bansa □ Taong may kapansanan □ Pagbabayad ng 380,000 yen pataas		
	3			/ /	□ Matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay □ Iba pa □ Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda □ Itinalagang Kamag-anak	yen	□ 16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas □ Pag-aaral sa ibang bansa □ Taong may kapansanan □ Pagbabayad ng 380,000 yen pataas		
	4			/ /	□ Matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay □ Iba pa □ Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda □ Itinalagang Kamag-anak	yen	□ 16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas □ Pag-aaral sa ibang bansa □ Taong may kapansanan □ Pagbabayad ng 380,000 yen pataas		

C Taong may kapansanan, babaeng balo, nagsosolong magulang, o estudyanteng nagtatrabaho

□ Taong may kapansanan

Taong kuwalipikado / Kategorya	Ikaw mismo	Kabiyak na nasa parehong kabuhayan	Kamag-anak na nasa lalim ng pangangalaga (Paalala 2)
Taong may karaniwan kapansanan			(tao)
Taong may espesyal na kapansanan			(tao)
Taong may espesyal na kapansanan na nakatira sa parehong bahay			(tao)

□ Babaeng balo
□ Nagsosolong magulang
□ Estudyanteng nagtatrabaho

Markahan kung saan ka kuwalipikado sa itaas, at isulat sa loob ng saklong ang bilang ng kuwalipikadong kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga.

Detalye ng taong may kapansanan o estudyanteng nagtatrabaho (Para punan ang bahaging ito, basahin ang (9) ng "2 Mga paalala sa pag-sulat" na nasa likod nito.)	Petsa ng pagbabago at dahilan

* Pakisuri kung ang kabiyak o kamag-anak ay saklaw bilang「Kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas」o「Kamag-anak na kuwalipikado sa withholding」atbp sa likurang"4 Saklaw ng kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ,atbp".

(Paalala) 1 Kung ang kamag-anak na hindi residente ay isang itinalagang kamag-anak,pakilagyan ng tsek ang kahon para sa "16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas".
2 Ang itinalagang kamag-anak ay hindi kabilang sa pamilya Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga,kaya hindi siya saklaw ng pagbabawas para sa may kapansanan.

D Kamag-anak, atbp. na para sa kanila tatanggap ng pagbabawas ang ibang taong kumikita	Pangalan	Kaugnayan sa iyo	Petsa ng kapanganakan	Address o tinitirahan	Ibang taong kumikita na tatanggap ng pagbabawas: Pangalan	Kaugnayan sa iyo	Address o tinitirahan	Petsa ng pagbabago at dahilan
			/ /					
			/ /					

○ Mga bagay may kinalaman sa resident tax (Nagsisilbi rin ang kolum na ito na masusulatan bilang deklarasyon tungkol sa mga kamag anak, atbp. na nasa ilalim ng pangangalaga ng taong kumikita sa pag eempleyo na isusumite sa mayor ng munisipyo sa pamamagitan ng taong nagbabayad ng suweldo, batay sa Artikulo 45 3 (2) at Artikulo 317 3 (2) ng Local Tax Act.)

Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na wala pang 16 taong gulang (Ipinanganak noong Enero 2, 2012 o pagkatapos nito)	(Furigana) Pangalan	Indibidwal na numero	Kaugnayan sa iyo	Petsa ng kapanganakan	Address o tinitirahan	Kamag-anak na nakatira sa ibang bansa na nasa ilalim ng pangangalaga, at hindi kuwalipikado sa pagbabawas (Kung angkop, markahan ito ng "○".)	Tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 (*)	Petsa ng pagbabago at dahilan
1				/ /			yen	
2				/ /			yen	

* "Tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027", isulat ang tinatayang halaga ng kita na binabawasan ng kinakailangang gastos na hindi isinasama ang kita sa pagreretiro.

Kabiyak at kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na may kita sa allowance pagreretiro, atbp, itinalagang kamag-anak	(Furigana) Pangalan	Indibidwal na numero	Kaugnayan sa iyo	Petsa ng kapanganakan	Address o tinitirahan	Kamag-anak na hindi residente (Markahan "✓" ang bagay na angkop sa iyo)	Tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 (*)	Uri ng taong may kapansanan	Petsa ng pagbabago at dahilan	Babaeng balo o nagsosolong magulang
				/ /		□ Kabiyak □ Wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang □ Taong may kapansanan □ Pag aaral sa ibang bansa □ Pagbabayad ng 380,000 yen pataas	yen	□ Karaniwan □ Espesyal		□ Babaeng balo □ Nagsosolong magulang

◎ Isusumite mo ang application na ito para makatanggap ka ng pagbabawas para sa suweldo mo, gaya ng pagbabawas para sa pangangalaga a pagbabawas para sa may kapansanan, at kapag nakakatanggap ka ng suweldo mula sa higit pang 2 nagbabayad ng suweldo, maisusumite mo ito sa isa lamang sa mga iyon.

◎ Para punan ang application form na ito, basahin ang "1 Mga paalala sa pag-aaplay", atbp. na nasa likod nito.

（フィリピノ語版）

Lalagyan ng sertipikasyon ng pangongolekta ng buwis nang patiuna/sertipikasyon ng pagiging estudyanteng nagtatrabaho/mga dokumentong may kaugnayan sa mga kamag-anak/mga dokumento gaya ng student visa/mga dokumentong may kaugnayan sa pagpapadala ng pera/mga dokumento sa pagpapadala ng 380,000 yen

1 Mga paalala sa pag-aaplay

(1) Isumite ang application form na ito sa taong nagbabayad ng suweldo hanggang sa isang araw bago matanggap ang unang suweldo sa taong 2027.

(2) Kapag walang pagbabago ang mga detalyeng isusulat sa application form na ito sa mga detalye na isinulat sa application form na isinumite sa pamamagitan ng nagbabayad ng suweldo noong taong 2026, sa halip na mga detalyeng isusulat doon, maaari lamang na isumite ang application form na nakasulat na "Walang pagbabago" (pagkatapos nito ay itinutukoy din bilang "Simpleng Application Form"). Para sa pagsusumite ng Simpleng Application Form, mangyaring tingnan ang paraan ng pagsulat (halimbawa ng pagsulat) na nakapost sa website ng National Tax Agency

(3) Kung may pagbabago sa isinulat mo pagkatapos isumite ang application form na ito, isumite ang application form para sa pagbabago, o baguhin ang nilalaman ng bahaging iyon sa application form na ito.

(4) Kung tinatanggap mo ang suweldo mula sa dalawa o higit na pinagtatrabahuhan, at hindi puwedeng makubrehan ng suweldo na tinatanggap mula sa isa lang ang buong halaga ng (espesyal na) pagbabawas para sa kabiyak at pagbabawas para sa pangangalaga o espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak na ukol sa Kabiyak o Kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding, at ang buong halaga naman ng pagbabawas para sa may kapansanan, atbp., puwede mong hatiin ang kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas at kamag- anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding, at saka isumite sa taong nagbabayad ng ibang suweldo ang "Application Form Para sa Pagbabawas Para sa Pangangalaga, atbp. ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo Tungkol sa Pangalawang Suweldo".

(5) Sa proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon, kung gusto mong tumanggap ng saligang pagbabawas,(espesyal na) pagbabawas para sa kabiyak o espesyal na pagbabawas para sa itinalagang kamag-anak,kailangan mong gawin ang "Application Form Para sa Saligang pagbabawas Para sa Taong Kumikita sa Pag-eempleyo" ,"Application Form Para sa pagbabawas Para sa Kabiyak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo" o "Application Form Para sa Espesyal na Pagbabawas Para sa Itinalagang Kamag-anak ng Taong Kumikita sa Pag-eempleyo" na pinunan, at isumite iyon sa taong nagbabayad ng suweldo hanggang sa isang araw bago matanggap ang huling suweldo sa 2027.

2 Mga paalala sa pag-sulat

(1) Kapag isusumite mo ang application form na ito bilang Simpleng Application Form, punan muna ang kolum ng "Pangalan mo", "Address o tinitirahan mo" at "Indibidwal na numero mo", at isulat sa margin atbp. na walang pagbabago sa mga detalye ng deklarasyon ng application form na isinumite noong nakaraang taon.

(2) Kailangan mong ilagay sa "Indibidwal na numero mo" at "Indibidwal na numero" ang My Number (indibidwal na numero) mo, ng Kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas, Kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding, kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na wala pang 16 taong gulang , o kabiyak o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga o itinalagang kamag-anak na tumatanggap ng kita sa pagreretiro, atbp. Pero, tiyakin iyon sa taong nagbabayad ng suweldo dahil may kasong hindi kailangang ilagay ang My Number (indibidwal na numero) sa ilalim ng itinakdang mga kondisyon.

(3) Sa "Numero ng korporasyon (indibidwal na numero) ng taong nagbabayad ng suweldo", ang taong nagbabayad ng suweldo na tumanggap ng application form na ito ay maglalagay ng numero ng korporasyon My Number (indibidwal na numero) ng taong nagbabayad ng suweldo.

(4) Ang "Pangalawang suweldo" ay tumutukoy sa suweldong binabayaran ng taong nagbabayad ng suweldo na nagsumite ng application form na ito, at ang "Pangalawahing suweldo" naman sa suweldong binabayaran ng ibang taong nagbabayad ng suweldo.

(5) Kapag ang kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding ay matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay, markahan ng "Matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay" sa "Kamag-anak na matanda na nasa ilalim ng pangangalaga". Kapag ang taong maliban sa magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay ay kamag-anak na matanda na nasa ilalim ng pangangalaga, markahan ang "Iba pa".

At, kapag ang kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding ay kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda, markahan ang "Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda" sa kolum na "Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda・Itinalagang kamag-anak" at kapag ang kamag-anak ay isang itinalagang kamag-anak, markahan ang "Itinalagang kamag-anak"sa parehong kolum.

(6) Sa "Tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027", ilagay ang halaga ng kita, atbp. na binawasan ng kinakailangang gastos, atbp. Sa kasong ito, kapag suweldo ang uri ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos, magiging halaga ng kita sa pag-eempleyo ang halaga ng kita na binawasan ng halaga ng pagbabawas sa kita sa pag-eempleyo.

Hindi masasangkot sa kita na binawasan ng kinakailangang gastos na magiging basehan ng pagpapasiya sa kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas at kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding, atbp., ang kita na binawasan ng kinakailangang gastos na hindi bubuwisan gaya ng pensiyon para sa namatayan, interes na bubuwisan ng bukod na withholding tax, dibidendo ng listed stock na para dito ay pinili na hindi i-tax return, atbp.

(7) Kapag hindi residente ang kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas, bilugan ang "Kamag-anak na hindi residente". At kapag hindi residente ang kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding,markahan ang naaangkop na bahagi sa kolum "Kamag-anak na hindi residente" ayon sa mga sumusunod.

A. ang edad ng kamag-anak ay 16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas・・・"16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang, o 70 taong gulang pataas"

B. ang edad ng kamag-anak ay 30 taong gulang pataas at wala pang 70 taong gulang at saka kuwalipikado sa itinakdang mga kahilingan (kuwalipikado sa 4 (v) ii (iii))・・・Alinman sa "Pag-aaral sa ibang bansa", "Taong may kapansanan", o "Pagbabayad ng 380,000 yen pataas" na naangkop sa iyong kalagayan(markahan ang isa lang kahit kuwalipikado sa 2 o higit pa).

(Paalala) Ang "taong hindi residente" ay tumutukoy sa na taong walang address sa Japan at tuloy-tuloy na wala siyang tinitirahan sa Japan nang isa o higit na taon hanggang ngayon.

(8) Sa "Katunayan na nasa parehong kabuhayan", at kapag hindi residente ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na kuwalipikado sa pagbabawas, isulat ang kabuuang halaga ng perang ipinadala sa kamag-anak na iyon, atbp. sa loob ng 2027, sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon.(Kung ang nasabing hindi residente ay isang "itinalagang kamag-anak",hindi na kailangang punan ang bahaging ito.)

(9) Sa "Detalye ng taong may kapansanan o estudyanteng nagtatrabaho", ilagay ang sumusunod;

A. Taong may (espesyal na) kapansanan: Mga katotohanan tungkol sa taong may espesyal na kapansanan gaya ng kalagayan ng kapansanan, uri at petsa ng paglalabas ng sertipikasyon na ibinigay sa kaniya, at tindi (antas) ng kapansanan. Kung siya ay kabiyak na nasa parehong kabuhayan o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, isulat din ang kaniyang pangalan (at kung nakatirang magkasama kapag siya ay taong may espesyal na kapansanan), My Number (indibidwal na numero) (Paalala), address o tinitirahan, petsa ng kapanganakan, kaugnayan sa iyo, at tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 (Sa mga ito, maliban sa pangalan, hindi mo kailangang isulat ang mga bagay na inilagay mo na sa "Kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas", " Kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding ", at "Mga bagay may kinalaman sa resident tax").

At, kapag hindi residente ang kabiyak na nasa parehong kabuhayan o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na iyon, ipaliwanag iyon at isulat ang kabuuang halaga ng perang ipinadala sa kabiyak na nasa parehong kabuhayan o kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na iyon, atbp. sa loob ng 2027 (Isulat ang kabuuang halaga ng perang ipinadala, atbp. sa panahon ng proseso ng pagbabago sa katapusan ng taon).

(Paalala) Tiyakin iyon sa taong nagbabayad ng suweldo dahil may kasong hindi kailangang ilagay ang My Number (indibidwal na numero) niya sa ilalim ng itinakdang mga kondisyon.

B. Estudyanteng nagtatrabaho: Pangalan ng eskuwela, petsa ng pagpasok, at uri at tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa loob ng 2027

(Paalala) Hindi kailangang punan ito para sa babaeng balo at nagsosolong magulang.

(10)Kung may 2 o higit na taong kumikita sa loob ng kabuhayan mo, magagawa mong kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ng ibang taong kumikita ang iyong kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp. (Tumutukoy ito sa kabiyak na kuwalipikado sa pagbabawas, kabiyak na may kapansanan na nasa iisang kabuhayan,kabiyak na kuwalipikado sa espesyal na pagbabawas, Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na kuwalipikado sa pagbabawas, Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga o Itinalagang kamag-anak na may kapansanan.), o mahahati ang mga kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp. sa loob ng kabuhayang iyan para makatanggap ng pagbabawas. Sa ganiyang kaso, isulat sa "D" ang pangalan ng kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp.

(11)Punan ang kolum na "Mga bagay may kinalaman sa resident tax" (i) kapag kasama niya ang taong wala pang 16 taong gulang sa kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, (ii) kapag kasama niya ang kabiyak na tumatanggap ng kita sa pagreretiro, atbp. (Limitado sa withholding tax. Kapareho ng nasa (11) sa ibaba.) (dapat na 1,330,000yen pababa ang tinatayang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos na hindi isinasama ang kita sa pagreretiro niya), kapag may mga kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga o itinalagang kamag-anak gayundin (iii) kapag siya ay babaeng balo o nagsosolong magulang (Sa resident tax, hindi isasama ang halaga ng kita sa pagreretiro sa halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos na nagiging kahilingan sa kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp.). Para sa mga wala pang 16 na taong gulang na kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na tumanggap ng allowance sa pagreretiro, kapag hihigit sa 620,000 yen ang tinatayang halaga ng kita kasama ang allowance sa pagreretiro, huwag pupunan ang kolum na "Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na wala pang 16 taong gulang", sa halip ay punan lang ang kolum na "Kabiyak,kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga at itinalagang kamag-anak na may kita sa allowance sa pagreretiro, atbp.".

At, kapag pinunan ang kolum na "Kamag-anak na nakatira sa ibang bansa na nasa ilalim ng pangangalaga, at hindi kuwalipikado sa pagbabawas" o "Kamag-anak na hindi residente", maaari kang hingan na isumite sa munisipyo ng iyong tinitirahan ang mga dokumentong magpapatunay na nasa ibaba, sa 3 (2) hanggang sa Marso 15, 2028. Kung may tanong sa "Mga bagay may kinalaman sa resident tax", kumonsulta sa munisipyo ng iyong tinitirahan.

3 Mga dokumentong ilalakip

(1) Kapag may trabaho ka dati at nagsimula ng bagong trabaho sa gitna ng taon, ilakip ang sertipikasyon ng pangongolekta ng buwis nang patiuna, atbp. na inilabas ng dating pinagtrabahuhan. O, kapag binago mo na ang pangalawahing suweldo sa pangunahing suweldo sa gitna ng taon, ilakip naman ang sertipikasyon ng pangongolekta ng buwis nang patiuna na inilabas ng dating taong nagbayad ng pangalawang suweldo.

(2) Kung ang mga kamag-anak na nakasaad sa (A)-(C) ay mga hindi naninirahan, tingnan ang "Para sa Gustong Tumanggap ng Pagbabawas Gaya ng Pagbabawas para sa Pangangalaga Para sa Kamag-anak na Hindi Residente" na nakalagay sa website ng National Tax Agency para sa mga Kinakailangang kalakip na dokumento at iba pang detalye ng proseso.

(3) Kung ikaw ay estudyanteng nagtatrabaho (para lang sa estudyante o mag-aaral sa vocational school o iba't ibang uri ng eskuwela, o trainee sa korporasyon para sa pagsasanay sa pagtatrabaho.), ilakip ang kopya ng sertipikasyon na inilabas ng Minister of Education, Culture, Sports, Science and Technology o Minister of Health, Labour and Welfare, at sertipikasyon ng pinuno ng eskuwela o kinatawan ng korporasyon para sa pagsasanay sa pagtatrabaho.

Para sa Gustong Tumanggap ng Pagbabawas Gaya ng Pagbabawas para sa Pangangalaga Para sa Kamag-anak na Hindi Residente

4 Saklaw ng kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, atbp.

[(i) Kabiyak na nasa parehong kabuhayan] Kabiyak (Hindi kasali rito ang taong tumatanggap ng suweldo bilang kapamilyang empleyado ng blue return taxpayer at white return taxpayer(ang sumusunod ay tinatawag na blue return taxpayer).) na nasa kabuhayan ng taong kumikita (Tumutukoy ito sa taong magsusumite ng application form na ito), at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 ay 620,000 yen pababa (o 1,360,000 yen pababa ang halaga ng kita mo sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo)

[(ii) Kabiyak na kuwalipikado sa pagbabawas] Bukod pa sa pagiging (i) kabiyak na nasa parehong kabuhayan, siya ay kabiyak ng taong kumikita na ang tinatayang halaga ng kaniyang kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa 2027 ay 10,000,000 yen pababa.

[(iii) Kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas] Kabiyak (Hindi kasali rito ang taong tumatanggap ng suweldo bilang blue return taxpayer at iba pa.) na nasa kabuhayan ng taong kumikita (Ang tinatayang halaga ng kita niya sa taong 2027 ay dapat 9,000,000 yen pababa), at ang tinatayang halaga ng kita niya na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 ay 950,000 yen pababa (o 1,690,000 yen pababa ang halaga ng kita sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo).

(Paalala) Hindi makakatanggap ng pagbabawas para sa kabiyak na kuwalipikado sa withholding na pagbabawas ang kapuwa asawang lalaki at asawang babae para sa isa't isa.

[(iv) Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga] Kamag-anak (Hindi kasali rito ang taong tumatanggap ng suweldo bilang kabiyak, kapamilyang empleyado ng blue return taxpayer at iba pa.) na nasa kabuhayan ng taong kumikita, na bata sa ampunan ayon sa itinakda sa Child Welfare Act o matandang taong nangangailangan ng pangangalaga ayon sa itinakda sa Act on Social Welfare for the Elderly, at ang tinatayang halaga ng kita niya na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 ay 620,000 yen pababa.

[(v) Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na kuwalipikado sa pagbabawas] Sa mga (iv) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, tao na nasa sumusunod na kalagayan ayon sa sumusunod na kategorya

i Kapag residente ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga: Taong 16 taong gulang pataas (ipinanganak noong Enero 1, 2012 o bago nito

ii Kapag hindi residente ang kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga: Taong nasa alinman sa sumusunod na kalagayan

- (i) Taong 16 taong gulang pataas at wala pang 30 taong gulang (ipinanganak sa pagitan Enero 2, 1998 hanggang Enero 1, 2012)
- (ii) Taong 70 taong gulang pataas (ipinanganak noong Enero 1, 1958 o bago nito)
- (iii) Sa mga taong 30 taong gulang pataas at wala pang 70 taong gulang (ipinanganak sa pagitan Enero 2, 1958 hanggang Enero 1, 1998), siya ay "taong nawalan ng address o tinitirahan sa loob ng Japan dahil sa pag-aaral sa ibang bansa", " taong may kapansanan", o "taong binabayaran mo ng 380,000 yen pataas sa loob ng taong 2027 para sa gastusin para sa pamumuhay o gastusin para sa edukasyon"

[(vi) Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na espesipikong itinakda] Bukod pa sa pagiging (v) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na kuwalipikado sa pagbabawas, siya ay 19 taong gulang pataas at wala pang 23 taong gulang (ipinanganak sa pagitan ng Enero 2, 2005 at Enero 1, 2009).

[(vii) Kamag-anak na matanda na nasa ilalim ng pangangalaga] Bukod pa sa pagiging (v) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na kuwalipikado sa pagbabawas, siya ay 70 taong gulang pataas (ipinanganak noong Enero 1, 1958 o bago nito).

[(viii) Itinalagang kamag-anak] kamag-anak na 19 taong gulang o higit pa ngunit wala pang 23 taong gulang(taong ipinanganak sa pagitan ng Enero 2,2005 at Enero 1,2009),na kasama sa iisang kabuhayan ng taong kumikita(kabilang dito ang tinatawag na ampon o foster child na inatasang alagaan alinsunod sa probisyon ng Batas sa Child Welfare Act,ngunit hindi kabilang ang kabiyak,ang taong tumanggap ng suweldo bilang blue return taxpayer at iba pa), at may kabuuang kita sa loob ng Taong 2027 na 620,000 yen pataas ngunit 1,230,000 yen pababa(kung tanging kita mula sa suweldo lamang,ang taunang kita mula sa suweldo ay 1,360,000 yen pataas ngunit 1,970,000 yen pababa).

[(ix) Kamag-anak na kuwalipikado sa pagbabawas sa withholding] Isang kamag-anak na kabilang alinman sa mga nakasaad sa bilang (v) Kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga na kuwalipikado sa pagbabawas o bilang (viii) Itinalagang kamag-anak ,at ang tinatayang kabuuang halaga ng kita na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 ay 1,000,000 yen pababa (o 1,740,000 yen pababa ang halaga ng kita mo sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo)

(Paalala) Pakitandaan na hindi maaaring mag-aplay ng bawas kaugnay ng itinalagang kamag-anak ang parehong magkakamag-anak para sa isa't isa,o mag-aplay ng bawas para sa isang kamag-anak na siya rin ay tumatanggap na ng bawas bilang isang itinalagang kamag-anak.

[(x) Matandang magulang, atbp. na nakatira sa parehong bahay] Bukod pa sa pagiging (vii) kamag-anak na matanda na nasa ilalim ng pangangalaga, siya ay direktang kamag-anak na nasa naunang henerasyon ng taong kumikita o kabiyak niya, at palaging nakatirang magkasama sa alinman ng taong kumikita o kabiyak niya.

[(xi) Taong may (espesyal na) kapansanan] Mismong taong kumikita, o kaniyang (i) kabiyak na nasa parehong kabuhayan o (iv) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, at saka nasa alinman sa sumusunod na kalagayan;

A. Taong palaging nagkukulang sa kakayahang umunawa sa kalagayan niya dahil sa kapansanan sa mental: Ang lahat na ito ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

B. Taong na-diagnose ng itinakdang doktor para sa mental na kalusugan, atbp. na may kapansanan sa isip: Ang taong na-diagnose na may malubhang kapansanan sa mental ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

C. Taong binigyan ng sertipikasyon ng pagkakaroon ng kapansanan sa mental: Ang taong antas ng kaniyang kapansanan ay 1, ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

D. Taong inilalarawan na may pisikal na kapansanan sa sertipikasyon ng pagkakaroon ng pisikal na kapansanan: Ang taong antas ng kaniyang kapansanan ay 1 o 2, ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

E. Taong binigyan ng sertipikasyon ng pagkakaroon ng sugat at sakit dahil sa pagsali sa digmaan: Ang taong antas ng kaniyang kapansanan ay sa pagitan ng sintomas na espesyal at ikatlo sa bukod na tsart Blg. 1 (2) sa Pension Act, ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

F. Taong binigyan ng sertipikasyon mula sa Minister of Health, Labour and Welfare batay sa batas may kinalaman sa pagtulong sa mga nasalanta ng bomba atomika: Ang lahat na ito ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

G. Taong laging naka-bedridden at nangangailangan ng komplikadong pangangalaga: Ang lahat na ito ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

H. Taong may kapansanan sa mental o pisikal na 65 taong gulang pataas (ipinanganak noong Enero 1, 1963 o bago nito), at binigyan ng sertipikasyon mula sa mayor ng munisipyo o pinuno ng welfare office na ang antas ng kaniyang kapansanan ay katulad sa mga tao sa A, B o D: Ang taong antas ng kaniyang kapansanan ay katulad sa mga taong may espesyal na kapansanan sa A, B, o D, ay itatalagang taong may espesyal na kapansanan.

[(xii) Taong may espesyal na kapansanan na nakatira sa parehong bahay] Bukod pa sa pagiging taong may espesyal na kapansanan sa (i) kabiyak na nasa parehong kabuhayan o (iv) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga, siya ay palaging nakatirang magkasama sa alinman sa taong kumikita, kabiyak niya, o ibang kamag-anak na nasa kabuhayan ng taong kumikita.

[(xiii) Babaeng balo] Bukod pa sa pagiging mismong taong kumikita at pagiging kuwalipikado sa alinman sa sumusunod, ang tinatayang halaga ng kita niya na binawasan ng kinakailangang gastos sa 2027 ay 5,000,000 yen pababa (o 6,777,778 yen pababa ang halaga ng kita sa suweldo kung kumikita lang sa pag- eempleyo), at wala siyang taong nakikilalang kasama niya kahit hindi kasal o katulad nito (Hindi kasali rito ang (xii) nagsosolong magulang.).

A. Taong hindi nag-asawa muli pagkatapos ng diborsiyo sa dati niyang asawang lalaki, at may (iv) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga

B. Taong hindi nag-asawa muli pagkatapos namatayan ng kaniyang asawang lalaki o taong nawawala ang kaniyang asawang lalaki

[(xiv) Nagsosolong magulang] Bukod pa sa pagiging mismong taong kumikita at pagiging kuwalipikado sa lahat sa sumusunod, ang tinatayang halaga ng kita niya na binawasan ng kinakailangang gastos sa 2027 ay 5,000,000 yen pababa, at wala siyang taong nakikilalang kasama niya kahit hindi kasal o katulad nito.

A. Taong hindi kasal ngayon o taong nawawala ang kaniyang kabiyak

B. Taong may anak (Hindi kasali rito ang (i) kabiyak na nasa parehong kabuhayan o (iv) kamag-anak na nasa ilalim ng pangangalaga ng ibang tao, at ang tinatayang halaga ng kabuuang kita ng anak na iyon na binawasan ng kinakailangang gastos, atbp. sa 2027 ay dapat na 620,000 yen pababa.) na nasa kabuhayan ng taong kumikita.

[(xv) Estudyanteng nagtatrabaho] Mismong taong kumikita, at kuwalipikado sa lahat ng sumusunod;

A. Ikaw ay estudyante o nag-aaral sa university o high school, atbp., estudyante o mag-aaral sa vocational school o iba't ibang uri na eskuwela, o trainee na tumatanggap ng sertipikadong pagsasanay sa pagtatrabaho na isinasagawa ng korporasyon para sa pagsasanay sa pagtatrabaho.

B. Mayroon kang kita sa negosyo, kita sa pag-eempleyo, kita sa pagreretiro, o iba't ibang kita (Tatawagin itong "Kita sa pag-eempleyo, atbp." mula rito.) batay sa sariling pagtatrabaho.

C. Ang tinatayang halaga ng kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos sa taong 2027 ay 890,000 yen pababa (o 1,630,000 yen pababa ang halaga ng kita mo sa suweldo kung kumikita lang sa pag-eempleyo), at ang kita mo na binawasan ng kinakailangang gastos maliban sa kita sa pag-eempleyo, atbp. ay 100,000 yen pababa.